Nakaaalam ba kayo kung sino ang bangkarota?

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Nakaaalam ba kayo kung sino ang bangkarota?" Nagsabi sila: "Ang bangkarota sa amin ay ang sinumang walang dirham sa kanya at walang ari-arian." Kaya nagsabi siya: "Tunay na ang bangkarota kabilang sa Kalipunan ko ay darating sa Araw ng Pagbangon na may dasal, ayuno, at zakāh, at darating na nakapanlait nga kay ganito, nanirang-puri kay ganiyan, lumamon ng yaman ni ganoon, nagpadanak ng dugo ni ganito, at nanakit kay ganiyan. Kaya bibigyan si ganito mula sa mga magandang gawa niya at si ganiyan mula sa mga magandang gawa niya. Saka kung naubos ang mga magandang gawa niya bago mabayaran ang kailangan sa kanya, kukuha mula sa mga kamalian nila saka itatapon ang mga ito sa kanya, pagkatapos itatapon siya sa Impiyerno."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagtanong ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Kasamahan niya: "Nakaaalam ba kayo kung sino ang bangkarota?" Nagsabi sila: "Ang bangkarota sa amin ay ang sinumang walang yaman sa kanya at walang ari-arian." Kaya nagsabi siya: "Tunay na ang bangkarota kabilang sa Kalipunan ko sa Araw ng Pagbangon ay ang sinumang darating na may mga gawang maayos gaya ng dasal, ayuno, at zakāh, at darating na nakapanlait nga kay ganito at nakaalipusta rito, nanirang-puri kay ganiyan sa dangal niyan, lumamon ng yaman ni ganoon at nagkaila nito, nagpadanak ng dugo ni ganito at lumabag sa katarungan dito, at nanakit kay ganiyan at nanghamak diyan. Kaya bibigyan ang nalabag sa katarungan mula sa mga magandang gawa niya; saka kapag naubos ang mga magandang gawa niya bago siya makabayad ng tungkulin sa kanya na mga karapatan ng iba at mga paglabag sa katarungan, kukuha mula sa mga pagkakasala ng nalabag sa katarungan saka ilalagay ang mga ito sa mga talaan ng tagalabag sa katarungan, pagkatapos ihahagis siya at itatapon siya sa Impiyerno yayamang walang natira sa kanya na mga magandang gawa.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6454